



NANCY BARGMANN
DIREKTOR

Estado ng California—Ahensya ng mga Serbisyong
Pangkalusugan at Pantao

Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag- unlad

1215 O Street, Sacramento, CA
95814
www.dds.ca.gov



GAVIN NEWSOM
GOBERNADOR

Hulyo 20, 2023

PARA SA: MGA EXECUTIVE DIRECTOR NG REGIONAL CENTER

PAKSA: SELF-DETERMINATION PROGRAM: MGA PAGPUPULONG NG
LOCAL VOLUNTEER ADVISORY COMMITTEE (LVAC, LOKAL NA
KOMITE NG PAGPAPAYO PARA SA BOLUNTARYO)

Pinahahalagahan ng Departamento ang mga kontribusyon ng mga miyembro ng LVAC at nagbibigay ng gabay na ito upang suportahan ang mga LVAC sa pagtupad ng kanilang mga responsibilidad alinsunod sa seksyon 4685.8(w)(1) ng Welfare and Institutions Code. Ang layunin ng direktiba na ito ay magbigay ng paglilinaw sa pagsasagawa ng mga pagpupulong ng mga local volunteer advisory committee at papalitan ang memo noong [Agosto 6, 2015](#) at ang patnubay noong [Hulyo 22, 2022](#).

Ang mga regional center at ang State Council on Developmental Disabilities (Konseho ng Estado sa Mga Kapansanan sa Pag-unlad) ay dapat magtulungan upang suportahan ang mga miyembro ng LVAC at ang pakikilahok ng publiko sa pagsunod sa mga alituntunin na nasa ibaba. Ang mga LVAC ay iniimbitahan na magbigay ng feedback sa sdp@dds.ca.gov sa mga patnubay na kasama sa direktibang ito nang hindi lalampas sa Setyembre 30, 2023. Ang direktibang ito ay epektibo hanggang Oktubre 31, 2023

Mga Patnubay para sa mga Self-Determination Program Local Volunteer Advisory Committee

Membership, Pagdalo, at Pagboto sa LVAC

- Ang mga entidad na humihirang ng mga miyembro sa LVAC ay hinihikayat na punan ang mga posisyon sa tamang panahon.
- Sa pangkalahatan, ang isang pulong ay dapat na daluhan ng karamihan ng mga miyembro ng LVAC upang tiyakin na ang mga rekomendasyon ng LVAC ay ipinagbibigay-alam ng buong komite.
- Ang karamihan ng mga miyembro ay nangangahulugan ng higit sa kalahati ng mga miyembro na kasalukuyang humahawak ng mga posisyon sa LVAC. Hindi kailangang magbilang ng mga bakanteng posisyon.
- Sa pangkalahatan, ang LVAC ay hindi dapat gumawa ng pormal na aksyon kung walang mayorya ng mga miyembro ang naroroon upang bumoto. Kung walang mayorya ng mga miyembrong dumalo, ang LVAC ay maaari pa ring

magpulong upang marinig ang mga impormasyon, magtanong sa regional center ng mga tanong tungkol sa Self-Determination Program nito at makinig sa mga miyembro ng publiko.

Mga Executive Director ng Regional
Center Hulyo 20, 2023
Ikalawang pahina

Mga Kinakailangan sa Abiso sa Pagpupulong

Dapat bigyan ng mga LVAC ang mga miyembro nito at mga miyembro ng publiko ng paunang abiso tungkol sa pagpupulong.

- Ang abiso sa mga pagpupulong ay dapat ibigay nang hindi bababa sa 10 araw bago ang pagpupulong.
- Ang mga abiso sa pagpupulong ay dapat ipadala sa lahat ng miyembro ng LVAC at sa mga miyembro ng publiko na nagbigay ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan.
- Ang isang kopya ng paunawa ay dapat ding i-post sa website ng regional center sa isang madaling mahanap na lokasyon.
- Ang paunawa tungkol sa pagpupulong ay dapat isama ang agenda ng pagpupulong at magbigay ng impormasyon tungkol sa kung paano makakuha ng mga kaluwagan at interpretasyon para sa kapansanan.

Mga Agenda ng Pagpupulong

Dapat may agenda para sa bawat pagpupulong. Ang isang agenda ay tumutulong sa mga miyembro ng LVAC at mga miyembro ng publiko na maunawaan kung ano ang tatalakayin sa pagpupulong. Kasama dapat sa isang agenda ang sumusunod:

- Ang address ng anumang pisikal na lokasyon kung saan gaganapin ang pagpupulong.
- Impormasyon tungkol sa kung paano sumali sa pagpupulong gamit ang remote na teknolohiya para sa pagpupulong, kung naaangkop.
- Ang mga bagay na tatalakayin sa pagpupulong kasama ang pagtukoy sa mga item na planong talakayin o pagbotohan ng LVAC.
- Impormasyon tungkol sa kung paano makakapagbigay ng pampublikong komento ang mga miyembro ng publiko.

Lokasyon at Accessibility ng mga Pagpupulong ng LVAC

- Hindi kailangang lumahok ang mga miyembro mula sa parehong lokasyon ng pisikal na pagpupulong at sinuman o lahat ng miyembro ay maaaring lumahok nang malayuan. Ang opsyon ng pakikilahok sa pamamagitan ng remote na teknolohiya ay hinihikayat na maging available sa lahat ng pagpupulong.
- Ang lahat ng mga pagpupulong ng LVAC ay dapat na bukas at naa-access ng publiko at nagbibigay-daan para sa pakikilahok ng publiko, gaganapin man ng personal ang LVAC at/o sa pamamagitan ng paggamit ng remote na teknolohiya.
- Upang suportahan ang pakikilahok ng publiko, dapat magbigay ng mga interpreter, kung kinakailangan, upang ang mga indibidwal ay makalahok sa kanilang gustong wika. Ang mga LVAC ay dapat bumuo ng mga pamamaraan upang makakuha sila ng impormasyon tungkol sa mga pangangailangan sa interpretasyon bago ang pagpupulong.

Mga Executive Director ng Regional
Center Hulyo 20, 2023
Ikatlong pahina

Kung ang mga LVAC, kalahok, at/o kanilang mga pamilya ay may mga katanungan tungkol sa direktiba na ito, dapat silang makipag-ugnayan sa kanilang regional center. Ang mga tanong mula sa mga regional center ay dapat idirekta sa sdp@dds.ca.gov.

Taos-puso,

Pinirmahan ang orihinal ni

VICKI L. SMITH, Ph.D.

Deputy Director

Policy and Program Development Division (Dibisyon sa Pagpapaunlad ng Patakaran at Programa)

cc: Mga Administrador ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Konsumidor ng
Regional Center Mga Direktor ng mga Serbisyo sa
Komunidad ng Regional Center Asosasyon ng mga
Ahensya ng Regional Center
State Council on Developmental Disabilities
Nancy Bargmann, Department of Developmental Services
Brian Winfield, Department of Developmental Services
Carla Castañeda, Department of Developmental Services
Ernie Cruz, Department of Developmental Services
Jim Knight, Department of Developmental Services
Suzy Requarth, Department of Developmental Services
Kathleen Dempsey, Department of Developmental Services